

Impormasyon

1. School Calendar – Bawa't paaralan ay naghahanda at nagpapadala ng kalendaryo sa bahay ng mga pamilya. Ito ay tungkol sa panlalawigang bakasyon at mga araw na walang pasok. Nakatutulong ito sa pagplano ng mga magulang lalo kapag nangangailangan ng baby sitting. Kung ang inyong anak ay dumadalo sa iba't-ibang paaralan, siguraduhin na suriin ang kalendaryo na pinapadala sa bahay ng mga pamilya tuwing katapusan ng pasukan. Maari ding kumuha ng kopya sa opisina ng paaralan o sa website nito.



2. Newsletters – Ang mga paaralan ay palaging nagpapadala ng newsletters. Sa halip na magpadala ng kopya sa papel, maaring pinopost sa website o pinapadala ito sa email address na inyong binibigay.
3. Code of Conduct – Bawa't mag-aaral ay binibigyan ng kopya ng Code of Conduct ng paaralan at inaasahan na sundin nila ito. Hinihikayat ang mga magulang na pag-usapan ito sa kanilang mga anak.

Opsyonal

Accident Insurance - Ang mga mag-aaral ay nakata-tanggap ng impormasyon tungkol sa pagbibili ng karagdagang accident insurance. Kung gusto ito ng magulang, kumpletuhin lang ang forms at ipadala diretso sa kumpanya ng insurance.

VSB

“Forms you may see in September”

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

Mga Forms na maari ninyong makita sa Septiyembre



Mababang Paaralan (Elementary)

Forms na kailangan pirmahan at ibalik sa paaralan:

Lahat ng paaralan ay nagpapadala ng forms at impormasyon sa mga magulang sa buong taon ng pasukan. Marami sa forms na ito ay pinapadala sa Septiyembre, umpisa ng klase. Ang ilan sa mga forms ay kailangan pirmahan at isoli sa paaralan (kung gusto niyo ang serbisyo). Ang ibang forms naman ay nangangailangan ng pirma ng magulang at bayad. May mga impormasyon na ipinapadala sa inyo para basahin.

Kung nahihirapan kayong intindihin ang impormasyon na pinapadala sa inyo, makipag-usap sa Multicultural Worker, Settlement Worker, o kahit sino mang marunong magsalita sa inyong wika o nagbabasa ng Ingles.



1. Student Information Verification Form – Itong form ay nagkakalaman ng pangunahing impormasyon tungkol sa mag-aaral at tungkol sa kung sino ang tatawagan kapag may kagipitan. Kailangan siguraduhin ng magulang na ang impormasyong binibigay ay tama at kailangan iwasto kapag may kamalian.
2. Media Consent Form – Itong form ay humihingi ng permiso sa magulang para sa pagkuha, pagtago at paggamit ng litrato, videos, at pangalan para sa layunin ng distrito ng paaralan. Maari din itong ibahagi sa media (halimbawa, radyo) para sa mga kaganapan na may kinalaman sa paaralan.
3. Internet User Agreement - Maraming paaralan ang gumagamit ng internet sa pagtuturo ng mag-aaral at mayroong mga alituntunin sa paggamit nito.
4. Giving Medicine at School – May mga mag-aaral na kailangan ng resetang gamot habang nasa paaralan. Ang pagpirma ng form na ito ay nangangahulugan na binibigyan ng magulang ang tauhan ng paaralan ng pahintulot na magbigay ng resetang gamot na kanilang pinapadala sa kanilang anak.
5. Field Trip/Study Form – Ang fieldtrips at pag-aaral sa mga lugar na malayo sa paaralan ay mahalagang bahagi ng pag-aaral. Ang inyong pirma ay nangangahulugan na ang inyong anak ay maaring sumali sa gawaing ito. Minsan, nangangailangan ito ng bayad.
3. Recorders – Ang ibang paaralan ay gumagamit ng recorders sa kanilang programa pang-Musika, at hinihikayat ang mag-aaral na bumili ng sarili.
4. Student Agendas/ Planners – Karamihan sa mga paaralan ay umaasa na bumili at gumamit ang mga mag-aaral ng school agenda o planner. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang brosyur na may titulong “**School Agendas/Planners**”.
5. School Lunch Programs – Ang mga pirmadong forms at perang pinapadala sa paaralan ay nagpapatunay na ang mag-aaral ay kalahok sa programang ito baw’t buwan. Hinid kailangan pumirma para sa buong taon.

Forms na kailangang pirmahan at isoli na may bayad:

1. School Photos – kinukuha ito taon-taon at maaring pumili at bumili ng kopya ang mga magulang.
2. School Supplies – Karamihan ng paaralan ay humihingi ng perang pambili ng school supplies (bolpen, lapis, at materyales para sa science, arts, crafts, at iba pa.). Ang pera dito ay hindi sumasambot ng gastos para sa espesyal na kaganapan o fieldtrips.

